Republic of the Philippines

Department of Education

NATIONAL CAPITAL REGION

Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS

(USLeM)

# ARALING PANLIPUNAN 6

## ARALIN 1: MGA ASPETO NG PAGTATAGUYOD NG KARAPATANG PANTAO SA DEMOKRATIKONG PAMAMAHALA


**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Bryan B. Barbon |
| **Illustrators:** | |
| **Layout Design Editor:** | Dr. Normina B. Hadji Yunnos, LR-EPS |
| **Content Editors:** | Mrs. Leuvina D. Erni/Ms Ginalyn M. Allen |
| **Language Editor:** | Mrs. Wilma B. Orjaleza |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director IV- NCR<br>Loreta B. Torrecampo, CESO V, SDS SDO-Pasay City<br>Dr. Arturo A. Tolentino , OIC ASDS SDO-Pasay City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR<br>Librado F. Torres, CID Chief SDO-Pasay City<br>Andrew E. Tan – EPS AP - NCR<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS – NCR<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Mrs. Leuvina D. Erni , EPS-AP – SDO Pasay City<br>Dr. Normina B. Hadji Yunnos, LR EPS SDO Pasay City |

## PAANO GAMITIN ANG MODYUL NA ITO

Bago mo simulan ang pagsagot sa modyul na ito, nais ko na pansamantala mong itigil ang mga gawain na maaaring makasagabal habang ikaw ay nag-aaral. Basahin ang mga panuto sa ibaba para matagumpay mong maisakatupan ang mga layunin ng ating aralin.

1. Sundin nang Mabuti ang lahat ng nilalaman at panuto na nakapaloob sa bawat pahina ng modyul na ito.
2. Isulat sa iyong kwaderno o malinis na papel ang mga konsepto o kaisipan tungkol sa mga aralin. Ang pagsusulat ay nagpapayaman ng pagkatuto na mahalagang linangin at laging isaisip.
3. Isakatuparan ang lahat ng inilaang gawain dito sa modyul.
4. Huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapag daloy sa iyong mga sagot.
5. Suriin nang mabuti ang pangwakas na pagsusulit at isagawa ang mga iyong natutunan.
6. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa. Kaya mo ito!

## Mga Bahagi ng Modyul

- **Inaasahan** – Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga kailangan mong matutuhan sa modyul.
- **Unang Pagsubok –** Sa pagsusulit na ito, susukatin ang mga kaalaman mo at mga konspetong aalamin sa aralin.
- **Balik-Tanaw –** Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.
- **Maikling Pagpapakilala ng Aralin –** Sa bahaging ito, ipakikita ang kabuoang kaisipan ng aralin.
- **Mga Gawain** – Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa.
- **Tandaan –** Sa bahaging ito, nilalagom ang mga konsepto at paglalapat ng mga aralin.
- **Pag-alam sa Natutuhan –** Dito matutukoy ang iyong mga natutuhan sa aralin.
- **Pangwakas na Pagsusulit –** Ito ay gawain nanaglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi mula sa buong modyul.

### ARALIN 1: MGA ASPETO NG PAGTATAGUYOD NG KARAPATANG PANTAO SA DEMOKRATIKONG PAMAMAHALA

**INAASAHAN**

1. Natatalakay ang aspeto ng pagtataguyod,ng karapatang pantao.
2. Napahahalagahan ang pagtataguyod ng karapatang pantao?

### UNANG PAGSUBOK

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Isulat ang **TAMA** kung ito ay nagsasaad ng kahalagahan ng pagsusuri at pag-aaral ng konsepto ng karapatang pantao, **MALI** kung hindi.

________ 1. Ang karapatang pantao ay mga karapatang tinatamasa ng bawat indibidwal sa sandaling siya ay isilang;

________ 2. Ang *Universal Declaration of Human Rights* (UDHR) ay isa sa mahalagang dokumentong naglalahad ng mga karapatang pantao ng bawat indibidwal na may kaugnayan sa bawat aspeto ng buhay ng tao.

________ 3. Ang karapatang pangkabuhayan ay yaong karapatan na magmay-ari ang isang indibidwal para sa pag-unlad ng sariling pagkatao at kapakanan.

________ 4. Ang katipunan ng mga karapatan *Bill of Rights* ay mahalaga upang maunawaan ng bawat indibidwal ang kanilang mga karapatan.

________ 5. Ayon kay De Leon,et.al 2014 may tatlong uri ng karapatan ang bawat mamamayan sa isang demokratikong bansa.

________ 6. Kaakibat ng pagkamamamayan ang mga taglay nitong karapatan.

________ 7. Ang *statutory rights ay* ang karapatan na taglay ng bawat tao kahit hindi ipagkaloob ng estado.

________ 8. Ang karapatang pantao ay nahahati sa karapatan bilang indibidwal at pangkatan.

________ 9. *Natural rights* ang mga karapatang taglay ng bawat tao kahit hindi ipagkaloob ng estado kabilang ang karapatang mabuhay, maging malaya at magkaroon ng ari-arian.

________10. Hindi lahat ng karapatan ng mga mamamayan ay kinikilala ng pamahalaan.

## BALIK-TANAW

**Panuto**: Sagutin ang sumusunod na tanong at ipaliwanag;

1. Ano ang iyong saloobin at paniniwala tungkol sa karapatang pantao?
2. Paano mauunawaan ng mga mamamayan ang pagtataguyod ng kanilang karapatang pantao?

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

### Mga Aspeto ng Pagtataguyod ng Karapatang Pantao sa Demokratikong Pamamahala

Kung lahat ng mamamayan ay kumikilala sa karapatan ng bawat isa, malaki ang posibilidad ng kapayapaan at katiwasayan sa lahat ng aspeto ng ating buhay sa lipunang Pilipino. Ang *Universal Declaration of Human Rights* (UDHR) na nabuo *ng United Nations* noong 1948 ay isa sa mahalagang dokumentong naglalahad ng mga karapatang pantao ng bawat indibidwal na may kaugnayan sa bawat aspeto ng buhay ng tao. Kabilang sa mga ito ang karapatang sibil, politikal, ekonomiko, sosyal at kultural.

Ang karapatang pantao ay nahahati sa karapatan bilang indibidwal at pangkatan. Ang indibidwal o personal na karapatan ay mga karapatan na pag-aari ng bawat tao para

sa pag-unlad ng sariling pagkatao at kapakanan. Ang mga karapatang ito ay ang sibil, pulitikal, panlipunan, pangkabuhayan at kultural na karapatan. Ang pangkatan o kolektibong karapatan naman ay ang mga karapatan ng tao na bumuo ng pamayanan upang isulong ang panlipunan, pangkabuhayan at pangkultural na pag-unlad sa pamamagitan ng paggamit kanilang likas na kayamanan at pagsusulong ng malusog na kapaligiran.

Ang Katipunan ng mga Karapatan o *Bill of Rights* ng Konstitusyon ng ating bansa ay listahan ng mga pinagsama-samang karapatan ng bawat tao mula sa dating konstitusyon at karagdagang karapatan ng mga indibidwal na nakapaloob sa Seksyon 8,11,12,13,18 at 19. Ayon sa aklat ni De Leon, et.al (2014) may tatlong uri ng karapatan ang bawat mamamayan sa isang demokratikong bansa**.** ***Natural rights*** ang mga karapatang taglay ng bawat tao kahit hindi ipagkaloob ng estado kabilang ang karapatang mabuhay, maging malaya at magkaroon ng ari-arian. ***Constitutional rights*** naman ang mga karapatang ipinagkaloob at pinangangalagaan ng estado kabilang ang karapatang politikal, karapatang sibil, karapatang sosyo-ekonomiko at karapatan ng akusado.

- Karapatang Politikal – Kapangyarihan ng mamamayan na makilahok, tuwiran man o hindi, sa pagtatag at pangangasiwa ng pamahalaan.
- Karapatang Sibil – mga karapatan na titiyak sa mga pribadong indibidwal na maging kasiya-siya ang kanilang pamumuhay sa paraang nais ngunit hindi lumalabag sa batas.
- Karapatang Sosyo-ekonomiko – mga karapatan na sisiguro sa katiwasayan ng buhay at pang-ekonomikong kalagayan ng mga indibiduwal.
- Karapatan ng akusado – mga karapatan na magbibigay-proteksyon sa indibidwal na inakusahan sa anumang krimen.

***Statutory rights*** naman ang mga karapatang kaloob ng binuong batas at maaaring alisin sa pamamagitan ng panibagong batas tulad halimbawa ng Karapatang makatanggap ng minimum wage.

Kaakibat ng pagkamamamayan ang mga taglay nitong karapatang pantao. Inilahad sa Saligang-batas ng 1987 ng Pilipinas ang mahahalagang karapatang sibil, politikal, ekonomiko, sosyal, at kultural na nararapat na itaguyod ng pamahalaan para sa mamamayan nito. Ang katipunan ng mga karapatang ito ay nagsisilbing pundasyon ng estado sa paggawa ng mga batas at polisiya upang palakasin at mapangalagaan ang pagkamamamayan ng mga Pilipino. Sa pagkilala ng pamahalaan ng mga karapatang pantao ng mamamayan, naging tungkulin nito na ipagkaloob ang paggalang sa bawat indibiduwal, proteksiyon laban sa pang-aabuso ng mga karapatang ito, at pagsagawa ng mga positibong aksiyon upang lubos na matamasa ng mamamayan ang ginhawang dulot ng mga karapatang pantaong ito.

## GAWAIN 1

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat pahayag. Lagyan ng tsek (✓) kung tama ang isinasaad at ekis (X) naman kung hindi.

__________ 1. Ang *Universal Declaration of Human Rights* (UDHR) ay isa sa mahalagang dokumentong naglalahad ng mga karapatang pantao ng bawat indibidwal na may kaugnayan sa bawat aspeto ng buhay ng tao.

__________ 2. Ang pagkakaroon ng pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain, damit, bahay, edukasyon at iba pa, ay nangangahulugan na nakakamit niya ang kanyang karapatan.

__________ 3. Sa bawat karapatang tinatamasa ng mamamayan, hindi na kailangan pang alamin ang mga kaakibat na responsibilidad nito.

__________ 4. Ang karapatang pantao ay nahahati sa karapatan bilang indibidwal at dalawahan.

__________ 5. Ang Katipunan ng mga Karapatan o *Bill of Rights* ng konstitusyon ng ating bansa ay listahan ng pinagsama samang karapatan ng bawat tao.

## GAWAIN 2

**Panuto:** Isulat sa loob sa kahon ang tatlong uri ng karapatan ng bawat mamamayan sa demokratikong bansa at ang kahulugan nito.

**Uri ng Karapatan ng Bawat Mamamayan sa Demokratikong Bansa**

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| | | |

(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

## TANDAAN

Mahalagang maunawaan ng bawat mamamayan ang kanilang mga karapatan upang maitaguyod ang karapatang pantao sa demokratikong bansa. Kabilang sa mga ito ang karapatang sibil, politikal, ekonomiko, sosyal at kultural na dapat kilalanin ng pamahalaan.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Panuto:** Basahin at sagutin ang mga sumusunod na katanungan**.**

1. Ano ang mabuting dulot na maunawaan ng bawat mamamayan ang kanilang mga karapatan?
2. Bilang mag-aaral, paano mo pahahalagahan ang pagtugon sa karapatang pantao ng iyong kapwa?

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto**: Bilugan ang 👍 kung ang pahayag ay tama at 👎 kung mali .

👍 👎 1. Lahat ng indibidwal ay may taglay na mga karapatan dahil ang bawat isa ay nararapat na tratuhin nang may dignidad..

👍 👎 2. Ang karapatang sibil lamang ang maaaring matamasa ng mga batang may gulang na labing-pito pababa.

👍 👎 3. Ang karapatang politikal ay ang kapangyarihan ng mamamayan na makilahok, tuwiran man o hindi, sa pagtatag at pangangasiwa ng pamahalaan.

👍 👎 4. Nakabubuti sa bawat mamamayan ang paggalang sa karapatang pantao upang matamo ang kaayusan at katiwasayan ng buhay at ng bansa.

👍 👎 5. Tumutukoy ang pangkatan o kolektibong karapatan sa mga karapatan na bumuo ng pamayanan upang isulong ang panlipunan, pangkabuhayan at pangkultural na pag-unlad.

## ARALIN 2: Pagtataguyod Sa Karapatang Pantao

**INAASAHAN**:

1. Natatalakay ang mga paraan ng pagtataguyod sa pangangalaga ng karapatang pantao
2. Naiisa-isa ang mga organisasyon na nakatutulong sa pagtataguyod ng karapatang pantao.

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto:** Gamit ang talahanayan isulat ang mga programa at serbisyo na ginagampanan ng *Commission on Human Rights* upang mapanatili at maipagtanggol ang karapatang pantao.

| |
|---|
| 1. |
| 2. |
| 3. |
| 4. |
| 5. |

## BALIK-TANAW

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Paano itinataguyod ng pamahalaan ang pangangalaga sa karapatang pantao ng mga mamamayan?
2. Ano-anong ang mga non-government organizations (NGOs) ang tumutulong upang maitaguyod ang karapatang pantao ng mga mamamayan?
3. Mahalaga ba na mapanatili sa bansa ang pagkakamit ng karapatang pantao?

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Sanggunian: www.chr.gov.ph.
Retrieved February 14, 2017

Sa Pilipinas, ang *Commission on Human Rights* (CHR) ang may pangunahing tungkulin na pangalagaan ang mga karapatang pantao ng mga mamamayan. Kinikilala ang CHR bilang "National Human Rights Institution (NHRI)" ng Pilipinas. Nilikha ito ng Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas alinsunod sa Seksyon 17 (1) ng Artikulo XIII.

**Programa at Serbisyo ng Commission on Human Rights**

- pagdodokumento at pangangasiwa ng mga reklamo tungkol sa paglabag sa karapatang pantao.

(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

- pagbibigay tulong at serbisyong legal sa mga biktima
- pagsubaybay sa kalagayan ng mga piitan at *rehabilitation center* kung may kaso ng paglabag sa karapatang pantao
- pagsasagawa ng mga *forensic at medico-legal service*
- pagbibigay tuon *sa* iba't ibang programa, estratehiya, at advocacy campaign upang higit na makapagbigay ng impormasyon at aktibong makalahok ang mga mamamayan sa pangngalaga ng mga karapatang pantao sa bansa

Ayon sa *United Nations Convention on the Rights of the Child* (UNCRC), tumutukoy ang *children's rights* o mga karapatan ng mga bata sa mga karapatang pantao ng mga indibiduwal na may gulang na 17 at pababa. Ang mga karapatang ito ay kailangan ng mga bata upang magkaroon ng mabuti at ligtas na buhay, at mahubog ang kanilang kakayahan upang magtagumpay sa buhay at maging yaman ng bansa sa hinaharap. Ang bawat bata, anuman ang kasarian at katayuan sa buhay ay nararapat na may taglay na karapatan.

**Ilang Non-Government Organization na Aktibo sa Pagtataguyod ng Karapatang Pantao**

philippinehumanrights.org

*Philippine Alliance of Human Rights Advocates* (PAHRA) – itinatag ang alyansang ito noong 1986 at nilahukan ng mahigit sa 100 organisasyon mula sa iba't ibang bahagi ng bansa. Nilalayon ng PAHRA na itaguyod, pangalagaan, at isakatuparan ang tunay na pag-iral ng mga karapatang pantao sa bansa.

*Philippine Human Rights Information Center* (PhilRights) – isang organisasyon na nakarehistro sa SEC simula pa noong 1994. Konektado ito sa *United Nations Department of Public Information* (UNDPI) at sa *UN Economic and Social Council*. Hangad ng PhilRights na magkaroon ng bansang may kultura ng pagkakapantay-pantay ng tao.

www.karapatan.org

KARAPATAN: *Alliance for the Advancement of People's Rights* – ito ay alyansa ng mga indibidwal, organisasyon, at grupo na itinatag noong 1995. Itinataguyod at pinangangalagaan nito ang mga karapatang pantao sa Pilipinas. Ilan sa mga programa ng alyansa ang magkaroon ng mataas na antas ng kamalayan ang mga mamamayan sa kanilang mga karapatan, maging aktibo sa pagsuporta sa mga gawaing magtataguyod sa karapatang pantao.

http://flagfaqs.blogspot.de/

*Free Legal Assistance Group* (FLAG) – ito ay isang pambansang grupo ng mga human rights lawyer na nagtataguyod at nangangalaga ng mga karapatang pantao. Itinatag ito noong 1974 nina Jose W. Diokno, Lorenzo Tanada Sr. at Joker Arroyo. Ilan sa mga adbokasiya ng FLAG ay ang paglaban sa pag-usig sa mga indibidwal sa kadahilanang politikal, pang-aabuso ng militar at kapulisan, at parusang kamatayan.

en.wikipilipinas.org

*Task Force Detainees of the Philippines* (TFDP) – Itinatag ito noong 1974. Sinimulan ito na may adhikaing matulungan ang mga political prisoner.

Nagkakaloob din ang samahan ng suportang legal, pinansiyal, at moral sa mga political prisoner at kanilang pamilya.

## GAWAIN 1

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Isulat ang **TAMA** kung ito ay nagsasaad ng katotohanan tungkol sa Karapatang pantao at **MALI** kung hindi.

_________1. Ang pagtutulungan ng pamahalaan at mamamayan ay napaka-halaga sa pagsusulong ng ikatatagumpay ng adhikain sa karapatang pantao.

_________2. Ang *Commission on Human Rights* (CHR) ang may pangunahing tungkulin na pangalagaan ang mga karapatang pantao ng mga mamamayan sa Pilipinas.

_________3. Ang CHR ay napapaloob sa Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas alinsunod sa Seksyon 20 (21) ng Artikulo XIII.

_________4. Isa sa programa at serbisyo ng CHR ay pagbibigay tulong at serbisyong legal sa mga biktima.

_________5. Ang mga PAHRA, KARAPATAN, FLAG, PhilRights at TFDP ay mga *Government Organizations* na aktibo sa pagtataguyod sa karapatang pantao.

## TANDAAN

Mahalaga ang pagtatanggol sa karapatang pantao upang makamit ang katiwasayan at kaayusan ang buhay ng bawat indibidwal.Itinatag ng pamahalaan ang *Commission on Human Rights* upang pangalagaan, itaguyod at ipagtanggol ang karapatang pantao ng lahat sa pamamagitan ng mga programa at serbisyo nito. Ang mga aktibong non-government organization ay boluntaryong nakikiisa sa pagtataguyod ng mga layunin tungo sa pagapapanatili ng karapatang pantao sa bansa.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Panuto**: Sagutin ang bawat tanong sa ibaba. Ipaliwanag ang bawat kasagutan

1. Sa paanong paraan isinusulong at ipinagtatanggol ng Komisyon ng Karapatang Pantao at Non-Government Organizations (NGOs) ang karapatang pantao ng mga mamamayan?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

___________________________________________________________________________

2. Ano ang kahulugan ng children's rights ayon sa *United Nations Convention on the Rights Of the Child*?
   ___________________________________________________________________________
   ___________________________________________________________________________
   ___________________________________________________________________________
   ___________________________________________________________________________

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto:** Unawain ang pahayag at salungguhitan ang tamang sagot sa loob ng panaklong.

1. Pangunahing tungkulin ng (*Commission on Human Rights, Philippine Alliance of Human Rights Advocates*) ang pangalagaan ang mga karapatang pantao at pagkakaloob ng mga pangunahing programa at serbisyo sa mga mamamayan.

2. Ang (*Philippine Alliance of Human Rights Advocates, Free Legal Assistance Group*) ay isang pambansang grupo ng mga human rights lawyer na nagtataguyod at nangangalaga ng mga karapatang pantao.

3. Ang alyansa ng mga indibidwal, organisasyon, at grupo na itinatag noong 1995 ay tinatawag na (United Nations Convention on the Rights of Child, Alliance for the Advancement of People's Rights).

4. Ang (*Children's Rights, Childrens' Month)* o mga karapatan ng mga bata sa mga karapatang pantao ng mga indibiduwal na may gulang na 17 at pababa.

5. Isa sa mga serbisyo ng CHR na ibinibigay sa mga biktima ay ang (pagdodokumento ng reklamo ng paglabag sa karapatang pantao, paghahanap ng bagong kasapi).

## SANGGUNIAN

**https://archive.org/details/LM.AP104.21.17/page/n370,374,377,378,385,386,388,391/mode/2up**